

INTERNATIONAL NAPASA (April 30h, 2024)

1)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUUM

湘南ベルマーレのレモンガスタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa May 6 (Sunday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **SAGANTOSU**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 4:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

2)UKOL SUPORTANG PINANSIYAL PARA SA FATHER'S CHILDCARE LEAVE

育休パパ応援支援金のお知らせ

Dito sa Hiratsuka City ang mga amang nakakuha ng **CHILCARE LEAVE** ay magbibigyan ng suportang pinansiyal kung makamit ang mga kondisyon sumusunod na kondisyon:

1. Nakatala sa Resident Registry
2. Sa loob ng 8 linggo matapos ipanganak ang bata ay nakakuha ng **CHILD CARE LEAVE** ng 4 na linggo o higit pa.
3. Ipinganak ang bata ng March 4, 2024 o higit pa at nakakuha ng **CHILD CARE LEAVE** mula April 1 o higit .
4. Dumalo ng **"MOTHER FATHER CLASSROOM"** sa Hiratsuka City

Para sa mga detalyeng kondisyon ay makikita sa **Home page** ng siyudad o tumawag sa **HEALTH SECTION (KENKO KA)** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-55-2111 (0463-55-2111)**.

3)UKOL SA PAGLILIMBAG NG "GUIDE BOOK PARA SA PAG-IWAS SA KALAMIDAD"

「防災ガイドブック」の発行のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay naglimbag ng bagong **"DISASTERS PREVENTION GUIDEBOOK"**. Sa librong ito ay ipinapalagay kung sakaling magkaroon ng lindol at tsunami ay ipinapaliwanag ang ukol pamamaraan ng paglikas at panganib ng bawat kalamidad. At nakatala rin dito ang mga check list ng mga stocks para sa kalamidad. Makukuha ang booklet na ito sa Information Window sa 1st Floor ng Hiratsuka City Office, Citizen Service Center sa harap ng istasyon, bawat Community Center at iba pa. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **DISASTERS MANAGEMENT DIVISION (SAIGAI TAISAKU KA)**. **Telephone Number 0463-21-9734 (0463-21-9734)**.

4)INFORMASYON UKOL SA PAGPAPALAWIG NG DEADLINE NG STARLIGHT MONEY

「スターライトマネー」の期限^{きげん えんちよう}延長^しのお知らせ

Ang deadline ng paggamit, deadline ng pagcha-charge at deadline ng pagsasauli ng 3% na halagang ginamit sa **STARLIGHT MONEY** ay mapapalawaig ng isang taon. Ang deadline sa bagong pagcha-charge ay hanggang sa isang taon ng January 31, ang deadline ng pagsasa-uli ay hanggang sa February 28 at ang deadline naman sa paggamit ay hanggang sa March 31. Subalit mula sa April 1, ay ay bababa ng hanggang 1% na lamang ang maisasauling halaga. Maging maingat dahil maaaring magkaroon rin ng mga pagbabago sa mga affiliate store. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **SECRETARIAT OFFICE (JIMU KYOKU)** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0570-06-0505 (0570-06-0505)**.